Dokumento No. 2

# Sanjo City Paano kumuha ng appointment para sa **pagbabakuna laban sa COVID-19**

## * Ang pagsisimula ng pagtanggap ng appointment ay naiiba depende sa edad. Mangyaring tingnan ang Dokumento No. 1 “Tungkol sa Pagbabakuna Laban sa COVID-19” na nakapaloob.

### [Ang pagbabakuna ay isinasagawa sa pamamagitan ng appointment lamang]

- Upang maisagawa nang maayos ang pagbabakuna, ang parehong mass vaccination at individual vaccination (pagbabakuna sa mga institusyong medikal) ay isinasagawa sa pamamagitan ng appointment lamang.
- **Hindi tumatanggap ng appointment ang mga institusyong medikal.** Mangyaring tiyakin na kumuha ng appointment sa alinman sa (1) Online, (2) Call Center, o (3) Awtomatikong Voice Guidance.
- **Humigit-kumulang isang linggo bago ang araw ng pagbabakuna, magpapadala ng “appointment confirmation letter” kung saan nakasaad ang araw at oras ng appointment.**

Upang makakuha ng appointment, kailangan ng **vaccination ticket number** na nakasaad sa kupon para sa pagbabakuna.




## (1) Paano kumuha ng appointment sa online (mula sa PC, smartphone)

Tumatanggap 24 oras

① Mangyaring ihanda ang iyong kupon para sa pagbabakuna

② I-access ang appointment page sa pamamagitan ng QR code o URL

③ Maglog in gamit ang vaccination ticket number na nakasaad sa kupon para sa pagbabakuna at iyong kaarawan, at kumuha ng appointment

- ・Kapag maglolog in sa unang pagkakataon, kailangan mong iinput ang iyong pangalan, numero sa telepono at iba pa, at i-set ang iyong password.
- ・Mangyaring itago ang iyong password nang mabuti dahil kailangan ito para sa susunod na paglog in. Kapag nakalimutan mo ang iyong password, mangyaring makipag-unay sa call center dal ang iyong kupon para sa pagbabakuna.

④ Mangyaring kumpirmahin ang impormasyon ng appointment sa My Page

- ・Pagkatapos kumpirmahin at kung nais mong kumuha ng appointment para sa ibang tao, mangyaring maglog out mula sa menu sa kanang itaas ng My Page (≡).

**Appointment page QR**

**URL** https://vaccines.sciseed.jp/sanjo/

## (2) Paano kumuha ng appointment sa pagtawag sa call center

Tumatanggap tuwing weekdays 9:00 ng umaga - 5:00 ng hapon

Maaaring kumuha ng appointment habang nakikipag-usap sa operator.

Mangyaring tandaan na maaaring matagalan ang pagtugon sa iyo depende sa sitwasyon ng call congestion.

① Mangyaring ihanda ang iyong kupon para sa pagbabakuna

② Sabihin sa operator ang vaccination ticket number na nakasaad sa kupon para sa pagbabakuna at iyong kaarawan

③ Sabihin sa operator ang iyong pangalan, numero sa telepono, venue, araw at oras ng iyong nais na appointment

④ Gumawa ng tala ng venue, araw at oras ng appointment

**Numero ng telepono** 0256-33-8780

**Ang singil sa pagtawag ay babayaran ng tumawag**

**Mangyaring tingnan ng website ng lungsod para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pagbabakuna tulad ng detalyadong pamamaraan ng pagkuha ng appointment o listahan ng mga vaccination venue kung saan maaaring kumuha ng appointment at iba pa.**

**https://www.city.sanjo.niigata.jp/kinkyu/13450.html**